

Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN IV



MODYUL 6

DISTRIBUSYON AT ALOKASYON



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 6





DISTRIBUSYON AT ALOKASYON



Sumama ka na ba sa iyong ina o ama sa pamimili sa palengke? Kung oo, nagtataka ka ba kung paano pinepresyuhan ng mga tindero at tindera ang kanilang mga paninda? Malamang na iniisip mo na ito ay batay sa kanilang puhunan at inaasahang tubo para sa kanilang kita. Tama ka, pero hindi lamang ito ang mga konsiderasyon sa pagpepresyo. Mahalagang konsiderasyon din ang demand para sa mga produkto at suplay nito. Ngunit ano ang demand at suplay? Mahalaga din itong pag-usapan dahil ito ay nagdedetermina din ng distribusyon at alokasyon ng mga produkto at serbisyo kaya ang mga ito ang ating bibigyang pansin sa modyul na ito.



May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Demand at mga Salik na Nakaaapekto Dito
-  Aralin 2: Suplay at mga Salik na Nakaaapekto Dito
-  Aralin 3: Ekwilibriyo sa Pamilihan
-  Aralin 4: Elastisidad ng Demand at Suplay



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang kahulugan ng distribusyon at mga salik na nakaapekto dito;
2. Maipaliwanag ang kahulugan ng demand at suplay at ang pagkakaiba ng mga ito;
3. Masusuri ang epekto ng presyo at salik na di-presyo sa demand at suplay ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan;
4. Masusuri ang mga salik ng produksyon na nakaaapekto sa suplay ng produkto at serbisyo;
5. Maipaliliwanag ang kahulugan ng elastisidad at ang epekto nito sa ekwilibriyo sa pamilihan;

6. Maipaliliwanag ang interaksyon ng suplay at demand sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan;
7. Maikukumpara ang mga epekto ng kakulangan at kalabisan ng produkto at serbisyo sa presyo at dami ng mga ito; at
8. Makabuo ng konklusyon hinggil sa mga paraan upang mapanatili ang presyo ng mga biling sa mga pamilihan.

Handa ka na ba? Bago ka magsimula, sagutin mo muna ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGESUSULIT:

I. Panuto: Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Tagalikha at tagasuplay ng mga produkto at serbisyo:
 - A. mamimili
 - B. ispekyuleytor
 - C. prodyuser
 - D. konsyumer
2. Nagpapakita ng pagkakaroon ng balanse sa pamilihan:
 - A. presyo
 - B. prodyuser
 - C. ekwilibriyo
 - D. disekwilibriyo
3. Produkto na binibili ng konsyumer kapag tumaas ang presyo ng produkto na dati nilang binibili:
 - A. *sale*
 - B. demand
 - C. *substitute goods* o pamalit
 - D. produktong komplementaryo
4. Ang grapikong paglalarawan ng iskedyul ng demand:
 - A. grap
 - B. dayagram
 - C. kurba ng demand
 - D. kurba ng suplay
5. Salik na nagpapabago ng demand:
 - A. dami ng buwis
 - B. dami ng nagtitinda
 - C. kita ng konsyumer
 - D. subsidy ng gobyerno
6. Nagpapakita ng pantay na pagbabago sa pagtugon ng prodyuser at presyo.:
 - A. elastik
 - B. di-elastik
 - C. *unitary*
 - D. ganap na elastik
7. Salik na nakaaapekto sa suplay:
 - A. kita ng konsyumer
 - B. kagustuhan ng mamimili
 - C. gastos sa produksyon
 - D. panlasa ng mamimili

8. Ang relasyon ng dami ng isinusuplay sa presyo ay:
- A. di-tuwiran.
 - B. magkapareho.
 - C. tuwiran.
 - D. di-magkapareho.
9. Ang kumakatawan sa bertikal *axis* sa kurba ng demand:
- A. kita
 - B. dami
 - C. presyo
 - D. demand
10. Talaan na nagpapakita ng dami ng produktong ipagbibili sa alternatibong presyo:
- A. Tsart
 - B. Kurba ng suplay
 - C. *Supply schedule*
 - D. *Demand schedule*
11. Ang kumakatawan sa demand:
- A. tindera
 - B. suplayer
 - C. konsyumer
 - D. prodyuser
12. Ang grapikong paglalarawan ng direktang relasyon ng presyo at dami ng ipagbibiling produkto habang ang ibang salik ay hindi nagbabago:
- A. Kurba ng demand
 - B. Iskedyul ng suplay
 - C. Kurba ng suplay
 - D. Punto ng ekwilibriyo
13. Ang pagtugon ng konsyumer sa porsyento ng pagbabago ng presyo:
- A. Demand
 - B. Pagbili o hindi pagbili
 - C. Elastisidad
 - D. Kompetisyon
14. Ang lebel ng presyo na pinagkasunduan ng mamimili at nagbibili:
- A. Kontrata
 - B. Pamilihan
 - C. Presyong ekwilibriyo
 - D. Ekwilibriyo

15. Ayon sa batas na ito, kapag mataas ang presyo, marami ang handang ipagbili ng mga prodyuser; ngunit kapag mababa ang presyo, kakaunti ang handang ipagbili habang ang ibang salik ay hindi nagbabago.
- A. Batas ng Demand
B. Batas ng Presyo
C. Batas ng Suplay
D. Batas ng Pagkonsumo
16. Alinmang lugar na pinagdarausan ng organisadong transaksyon sa pagitan ng mamimili at nagbibili:
- A. opisina
B. pabrika
C. pamilihan
D. pagawaan
17. Dami ng produkto o serbisyo na handang bilhin ng mga konsyumer sa takdang presyo:
- A. suplay
B. *bargain*
C. demand
D. *sale*
18. Alin ang hindi kabilang sa pangkat ng mga salik ng demand?
- A. kita
B. panlasa
C. makabagong teknolohiya
D. dami ng mamimili
19. Alin ang hindi kabilang sa pangkat ng mga salik ng suplay?
- A. gastos sa produksyon
B. dami ng nagtitinda
C. panlasa
D. panahon
20. Alin ang hindi kabilang sa pangkat ng nagpapabilis ng produksyon?
- A. buwis
B. subsidi
C. kita
D. teknolohiya

ARALIN 1

DEMAND AT MGA SALIK NA NAKAAPEKTO DITO



Sa mga naunang modyul ay tinalakay ang dalawa sa tatlong proseso sa ekonomiks – ang **produksyon** at **pagkonsumo**. Tatalakayin naman sa modyul na ang ikatlong proseso. Paanong nakararating sa mga tao ang mga produkto gaya halimbawa, ng pantalon na binili mo kamakailan? Ito ay posible dahil sa proseso ng **distribusyon**. Mula sa gumawa ng iyong pantalon, ito ay naihatid papunta sa mga mamimili. Ngunit higit nating mauunawaan ito kung mauunawaan natin ang konsepto ng **demand** at **suplay**. Sa araling ito ay bibigyan muna ng diin ang konsepto ng **demand**.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kuhulugan ng demand gamit ang iyong sariling mga salita;
2. Maibibigay ang pagkakaiba ng demand at dami na demanded;
3. Maipaliliwanag ang relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na demanded;
4. Maibibigay ang mga salik na nakaapekto sa demand at ang epekto nito sa kabuuang demand; at
5. Maiaaplay ang lahat ng konsepto patungkol sa demand sa pagsusuri ng mga ekonomikong penomena sa pang-araw-araw na buhay.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Masayang masaya na sana si Joseph dahil dalawang linggo na lamang magpapasukan muli. Ngayong pasukang ito, sa mataas na paaralan na sa bayan siya papasok. Dagdag pa dito, sa pagpasok niya ay nasa ikaapat na antas na siya ng mataas na paaralan at malapit na siyang matapos. Ngunit, kaninang umaga lamang, may malungkot na balita sa kaniya ang kaniyang mga magulang. Kailangan daw na siya na ang bumili ng kaniyang mga damit dahil madaragdagan na ang gastos nila sa paglipat niya sa bayan at papasok na ang kaniyang kuya sa isang pamantasan sa Maynila. Nangamba si Joseph dahil kahit kailan ay hindi pa siya nakaranas bumili ng sariling

damit. Ang kaniyang mga magulang ang bumibili at gumagastos para sa kaniya. Inisip pa naman niya na magpapabili siya ng paborito niyang maong na pantalon na may tatak na “Aling Levi’s 501 Pants”. Sa tingin niya ay ito ang angkop sa kaniyang **panlasa**. Nais niya sana ng ilang pares nito para hindi niya na kailangang maglaba sa tuwing uuwi siya sa hapon para may maisuot siya sa susunod na araw. Ang nag-iisa niyang pares ng sapatos ay sira na rin at pag isinuot ay lulusot na ang kaniyang mga paa. Inisip niya kung may posibilidad pa na maremedyuhan ito. Inisip din niya kung ano ang magiging hitsura niya kung suot niya ang isang napakagandang maong na pantalon, katerno ang kaniyang butas at sirang sapatos.

“Haaay naku, ano kaya ang gagawin ko,” sabi ni Joseph sa sarili, “Ahhh alam ko na magtatanong-tanong ako para malaman ko kung ano ang dapat kong gawin.”

Nagpunta siya sa apat na nagtitinda ng pantalon upang malaman ang halaga ng bawat pares at ilang bagay pa tungkol sa produktong ito. Ngayon ay alam na niya kung magkano ang bawat pares ng paborito niyang pantalon, bago at gamit na (mayroon kasing nagtitinda ng mga “used clothes” sa kanila) at kung aling tindahan ang pinakamura at pinakamahal na nagbebenta nito. Ngayon ang kaniyang susunod na gagawin ay pag-isipan kung ilan ang kaniyang bibilhin.

Subalit hindi pa maaaring magdesisyon si Joseph kung ilan ang kaniyang bibilhin. Dalawang linggo pa bago magsimula ang klase, at dalawang linggo pa siyang magtatrabaho kay Mang Juan sa sweldong tatlong daang piso kada linggo.

“Hindi ko mabibili ang limang pares ng pantalon na nais kong bilhin para sa isang linggong pagpasok sa paaralan,” naisip ni Joseph. Kasama pa nito ang pagsasaaalang-alang ng pagbili ng isang bagong pares ng sapatos. Hindi naman ako na bibigyan ng pera ng aking kuya dahil higit na mas malaki ang kaniyang gastos dahil sa Maynila na siya mag-aaaral. Kausapin ko kaya si Mang Juan na dagdagan ko ang aking oras sa trabaho para madagdagan din ang aking kita. Pihadong papayag yun kasi marami ang order sa kaniya ngayon. At saka sigurado namang may mga “*Back to School*” na sale sa isang linggo at siguradong bababa ang halaga ng mga produkto pati na rin ang mga gusto at kailangan kong bilhin. Siguro mas mabuti pa na ipagpaliban ko sa isang linggo ang aking pagbili ng limang pares ng pantalon”

Nakapagtrabaho pa si Joseph ng dagdag na dalawampung oras sa sumunod na lingo. Nakaipon siya ng sapat na halaga at siya ay nakabili ng apat na bagong pares ng pantalon, isang bagong pares ng sapatos, at nakatanggap pa siya ng isang libreng t-shirt

mula sa tindahan ng pantalon kung saan niya binili ang apat na pares ng pantalon niya. Bahagi iyon ng kanilang promosyon upang madaming bumili ng kanilang produkto. Bunga ng pagkakaroon ng sapat na kagamitan sa pag-aaral, naging matagumpay ang ikaapat na taon ni Joseph sa mataas na paaralan sa bayan.

Sa itaas, isinaalang-alang ni Joseph ang mga elemento na nagtatakda kung gaano karami ng isang produkto ang binibili ng isang mamimili. Balikan ang proseso ng pagdedesisyon ni Joseph. Ano ang mga elemento na nagtatakda ng dami ng kaniyang biniling pares ng pantalon.

KAHULUGAN NG DEMAND

Sa ekonomiks, mahalaga na linawin ang mga salita o terminong ginagamit. **Demand** ay isang salita na maaaring magkaroon ng higit sa isang kahulugan, subalit sa ekonomiks, isa lamang ang pakahulugan dito. Upang maging simple, maaari nating isipin ang mga mamimili bilang mga konsyumer. Ang mamimili ay tumutukoy sa mga tao na may gusto o may pangangailangan sa ilang produkto o serbisyo. Ngunit hindi dito nagtatapos ang konsepto ng demand. Ang salitang **demand** ay tumutukoy sa parehong **kakayahan** at **kagustuhan** ng isang taong bumili ng isang produkto at serbisyo. Maaaring si Joseph ay may kagustuhang bumili ng limang bagong pares ng pantalon, subalit hindi naman niya kayang bilhin lahat ito. Hindi matatawag na demand ito dahil ang sabihing may **demand** ang isang tao para sa isang produkto ay pagsasabing may pera ang taong ito na pambili at may pagnanais na ipalit niya ang aniyang ito para sa kasabing pera produkto.

Kung minsan ginagamit ang salitang **demand** upang tumukoy sa pangangailangan. Ngunit hindi ito magkatulad. Ang pangangailangang walang kakayahang bumili ay hindi lilikha ng epektibong demand sa pamilihan. Kung minsan, ginagamit ng mga ekonomista ang salitang “epektibong demand” sa halip na simpleng “demand” upang bigyang-diin ang puntong ito.

Sa puntong ito ay handa ka na sa isang teknikal na depinisyon o pagpapakahulugan ng **demand** sa ekonomiks.

Ang **demand** ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng presyo at **dami na demanded** para sa isang partikular na produkto o serbisyo sa isang partikular na pagkakataon. Para sa bawat presyo, ang relasyon ng demand ang magsasabi ng dami na nais bilhin ng mga mamimili sa isang katugmang halaga. Ang dami na gustong bilhin ng mga mamimili sa isang partikular na presyo ay tinatawag na **quantity demanded** sa Ingles at **dami na demanded** sa wikang Filipino.

Mahalagang maliwanagan mo ang pagkakaiba sa pagitan ng **dami na demanded** at **demand**. Tumutukoy ito sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami na demanded para sa isang produkto o serbisyo. Mas magiging madaling unawain ito sa pamamagitan ng pagsulyap sa sumusunod na talahanayan. Tinatawag itong **iskedyul ng demand** o **demand schedule** sa wikang Ingles:


Demand Para sa Chocnut

Halaga (Piso bawat piraso)	Dami na Demanded (Piraso)
7	0
6	10
5	20
4	30
3	40
2	50
1	60

Ang kabuuan ng talahanayan na nabanggit sa itaas ay tumutukoy sa demand para sa chocnut. Halimbawa, sa halagang piso kada piraso ng chocnut, 60 ang dami pirasong na demanded. Kung sa halaga namang dalawang piso kada piraso, 50 naman ang dami na demanded. Madali lamang unawain ito. Subukan mo. Base sa talahanayan sa itaas, ano ang dami na demanded kung tatlong piso ang halaga sa bawat piraso ng chocnut? Tama ka, 40. Kapag limang piso kada piraso? Tama ka, 20 ang dami na demanded. Kung pitong piso bawat piraso, lubhang mataas na ang presyo kayat wala nang dami na demanded. Hindi na bibilhin ang produkto.

Gaya ng ating nabanggit, ang demand para sa isang produkto o serbisyo ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami na demanded ng produkto o serbisyong ito. Kapag inisip natin ang relasyong tinutukoy ay **salungat**. Ibig sabihin, kapag tumaas ang presyo, bumababa ang dami na demanded; at kapag bumaba ang


presyo, tataas naman ang dami na demanded. Ito rin ang maoobserbahan natin sa halimbawa natin sa chocnut. Maliban sa talahanayan, maaari ring ilarawan ang relasyong nabanggit sa pamamagitan ng sang dayagram. Halimbawa:



P – Presyo kada piraso ng chocnut

Q – Dami na demanded para sa chocnut

Kapag sinabing demand, ang tinutukoy ay ang kabuuan ng relasyon. Ibig sabihin, sa dayagram sa itaas, ito ang kabuuan ng kurba samantalang, ang dami na demanded ay tumutukoy sa isang partikular na punto lamang sa kurba ng demand. Pag-aralan mo ang halimbawang ito:




Demand Para sa Chocnut

P – Presyo kada piraso ng chocnut


Q – Dami na demanded para sa chocnut

Batas ng Demand

Mapapansin mo sa halimbawa sa talahanayan at dayagram na ang kurba ng demand ay pababa. Ibig sabihin, mas mataas ang presyo, mas kakaunti ang gusto at kayang bilhin ng tao. Ang tawag ng mga ekonomista dito ay **batas ng demand**: Sa mas mataas na halaga, mas mababa ang dami na demanded, *ceteris paribus*¹.



Ipinakikita sa dayagram ang **batas ng demand**: ang pagbaba ng presyo ay magbubunga sa pagtaas ng dami ng produkto na demanded. At kung tataas naman ang presyo ito ay magbubunga sa pagbaba ng dami ng produkto na demanded na ipinakikita naman ng susunod na dayagram:



Ang batas ng demand ay posible dahil sa epekto ng dalawang bagay – epekto ng kita at ng substitusyon.

- (1) **Epekto ng kita** - Kapag mas mababa ang presyo, nagkakaroon ng mas mataas na kapangyarihang bumili ang mamimili o konsyumer. Ibig sabihin, mas maraming produkto at serbisyo ang makakaya niyang bilhin. Ngunit sa mas mataas na presyo, mas kakaunti ang makakayang bilhin ng konsyumer. Bilang halimbawa, kung ang presyo ng isang bote ng *Coke* dati-rati ay 10 sentimos lamang, sa halagang piso, makabibili ka na ng sampung bote ng naturang softdrinks. Ngayon ang piso ay hindi na makabibili ng kahit isang bote. Ipinakikita lamang dito na sa parehong dami ng pera o kita ay makabibili ka ng mas maraming produkto o serbisyo kapag mas mababa ang presyo. Mas kakaunti ang mabibili mo kapag tumataas naman ang presyo.
- (2) **Epekto ng substitusyon** – Ang mga konsyumer ay karaniwang bumibili ng mga produkto na may mas mababang presyo. Kung sakaling tumaas ang presyo ng produktong kanilang binibili, humahanap sila ng maaaring ipalit dito na may mas mababang presyo. Halimbawa, kapag tumaas ang presyo ng *Pepsi*. Ang mga konsyumer ay lilipat sa pagbili ng halos kaparehong softdrink na may mas mababang presyo. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit ang pagtaas ng presyo ng isang partikular na produkto ay magdudulot ng pagbaba sa dami na demanded para dito.

Sa kurba ng demand na ating ibinigay hinggil sa chocnut, ating sasabihin na ang batas ng demand ay nag-aaplay “ceteris paribus,” na ibig sabihin ang ibang bagay na maaring makaaapekto sa dami na demanded sa chocnut, gaya ng kita ng konsyumer at populasyon, ay itinuturing na di nagbabago. Kapag ang mga ito ay nagbago, magresulta ito sa paglipat o paggalaw ng kurba ng demand na siyang pag-uusapan natin sa huling bahagi ng araling ito.

Iba pang mga Salik na Nakakaapekto sa Demand


Pinag-aaralan ng mga ekonomista ang demand para sa isang produkto o serbisyo sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga salik o elemento na isinaalang-alang ni Joseph sa kwento sa unang gawain para sa araling ito. Ang mga salik na ito ay:

1. Kita ng mamimili;
2. Panlasa o antas ng pagkagusto ng konsyumer o mamimili para sa produkto o serbisyo;
3. Presyo ng mga kaugnay na produkto o serbisyo gayan ng:
 - (a) pamalit na produkto o produktong nakikomptensya sa produkto sa pinion ng mamimili); at
 - (b) produkto o serbisyang komplementaryo na kasamang ginagamit ng produkto sa opinyon ng mamimili);
4. Ekspektasyon o tinatantiyang presyo ng produkto;
5. Populasyon (para sa kabuuang demand ng pamilihan sa halip na sa indibidwal na demand ni Joseph); at
6. okasyon.

Upang lubos mong maunawaan ang epekto ng bawat salik sa demand, isipin mong isa-isa ang bawat salik habang itinuturing ang iba pang salik na hindi nagbabago. Halimbawa, ilan ang bibilhin pares ng sapatos ni Joseph sa bawat posibleng presyo ng maong ngayon dala ng kaniyang ekspektasyon ng pagbaba ng presyo nito sa susunod na lingo, kung ang kaniyang kita, halaga ng sapatos at panlasa ay hindi magbabago? Ngayon handa ka nang tingnan ang epekto ng bawat isa.

Kita ng Mamimili

Nadagdagan ni Joseph ang kaniyang kita sa pamamagitan ng pagtatarabaho ng dagdag na dalawampu pang oras. Paano maapektuhan nito ang dami ng maong na kaniyang bibilhin kapag ang iba pang salik na maaring makaapekto sa kaniyang demand ay mananatiling di nagbabago? Kung ilagay natin sa isang dayagram ang demand ni Joseph para sa maong, at ang pagbabago dala ng pagtaas ng kita niya, ito ang magiging itsura nito:




- D** – orihinal na demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- D'** – ang bagong demand ni Joseph para sa maong na pantalon dahil sa dagdag niyang kita
- QD** – orihinal na dami na demanded
- QD'** – ang bagong dami na demanded ni Joseph bunga ng pagtaas ng kita niya

Makikita mo sa dayagram na ang pagtaas ng kita ni Joseph ay nagdulot ng pagtaas ng kabuuag demand niya para sa maong. Magbubunga ito ng paggalaw ng kurba ng demand patungo sa kanan o sa wikang Ingles, nagkaroon ng *shifting of the demand curve to the right*. Ibig sabihin, sa parehong halaga na **P**, mas dumami ang dami na kaya at nais bilhin ni Joseph (**QD'**). Kapag naman bumaba ang kita ni Joseph, magkakaroon din ng pagbaba ng demand ni Joseph. Ibig sabihin, sa parehong halaga na **P** ay maging mas kaunti ang kaya at gusto niyang bilhin (sa kaliwa ng **QD**). Makikita rin

dito ang epekto ng pagbaba sa kita ni Joseph sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong kurba ng demand sa kaliwa ng **D**.

Panlasa ng Mamimili

Paano kung naisip ni Joseph na mas “in” na ang slacks? Ano ang mangyayari sa demand ni Joseph bunga ng pagbabago ng kaniyang panlasa? Tama ka, bababa ang demand niya para sa maong na pantalon. Ibig sabihin sa kaparehong presyo, bababa ang dami na demanded ni Joseph para sa maong. Upang maging posible ito, ibig sabihin mayroong bagong kurba ng demand. Sa palagay mo ito ba ay nasa kanan o nasa kaliwa ng orihinal na kurba ng demand? Tama ka, sa kaliwa ito ng orihinal na kurba ng demand.




- D** – orihinal na demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- D'** – ang bagong demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- QD** – orihinal na dami na demanded
- QD'** – ang bagong dami na demanded

Presyo ng mga Kaugnay na Produkto o Serbisyo

Komplementaryong Produkto


Kinailangan ni Joseph na bumili ng bagong sapatos na katerno ng kaniyang bagong maong dahil sira-sira na ang luma niyang sapatos. Ang sapatos at maong sa sitwasyon ni Joseph ay komplementaryong mga produkto. Ibig sabihin ang pagkonsumo ng isa ay kailangan din o kasabay sa pagkonsumo ng komplementaryo nito tulad ng kape

at asukal, ng cassette player at cassette tapes. Kung tumaas ang presyo ng sapatos, ano ang magiging epekto nito sa sa demand ni Joseph para sa maong na pantalon? Tama ka, bababa ang demand niya para sa maong. Ibig sabihin sa parehong presyo ay bababa ang dami na demanded niya. At tama ka ulit, ang dayagram nito ay magpapakita ng pagkakaroon ng bagong kurba ng demand sa kaliwa ng orihinal.



- D** – orihinal na demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- D'** – ang bagong demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- QD** – orihinal na dami na demanded
- QD'** – ang bagong dami na demanded


Kung bumaba naman ang presyo ng sapatos, tataas naman ang demand ni Joseph para sa maong at magbubunga ito ng paggalaw papunta sa kanan ng kurba ng demand.



- D** – orihinal na demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- D'** – ang bagong demand ni Joseph para sa maong na pantalon
- QD** – orihinal na dami na demanded
- QD'** – ang bagong dami na demanded ni Joseph


Pampalit o Substitute

Katulad ng halimbawa ng Coke at Pepsi, kapag tumaas ang presyo ng Pepsi, and demand para sa Coke ay tataaas; at kapag bumaba ang presyo ng Pepsi, bababa naman ang demand para sa Coke. Kung ilalagay natin ito sa dayagram, makakakita tayo ng paggalaw ng kurba ng demand.



- D** – orihinal na demand para sa Coke
- D'** – ang bagong demand para sa Coke bunga ng pagtaas ng presyo ng Pepsi (substitute ng Coke)
- QD** – orihinal na dami na demanded
- QD'** – ang bagong dami na demanded

]



- D** – orihinal na demand para sa Coke
- D'** – ang bagong demand para sa Coke bunga ng pagbaba ng presyo ng Pepsi (substitute ng Coke)
- QD** – orihinal na dami na demanded
- QD'** – ang bagong dami na demanded

Ekspektasyon o Inaasahan sa Presyo

inaasahan ni Joseph na sa susunod na linggo na bababa ang presyo ng maong. Ano ang mangyayari sa demand niya para sa maong ngayong linggo? Tama ka, ito ay bababa, dahil mas mamabutihin ni Joseph na bumili na lamang sa susunod na linggo para mas makatipid at para mas marami ang kaniyang mabili. Tama ka, kapag inilagay natin ito sa dayagram magkakaroon ng paggalaw ng kurba ng demand sa kaliwa. Kung inaasahan naman ni Joseph na mas tataas ang presyo ng maong sa susunod na linggo, mas mamabutihin niya na bumili ngayong linggo dahil mas makakatipid siya ngayon at ito ay magbubunga ng paggalaw ng kurba ng demand papunta sa kanan.

Populasyon

Sa kabuuan ng pamilihan para sa maong na pantalon kung saan isa lamang si Joseph sa maraming mamimili, konsiderasyon din ang dami ng mga mamimili sa pagpepresyo ng produkto. Kung lumaki ang populasyon ng mamimili, lalaki ang kabuuang demand sa pamilihan at kung lumiit ang populasyon ng mamimili, liliit ang kabuuang demand sa pamilihan para sa produkto. Magbubunga ito ng paggalaw ng kurba ng demand para sa produkto.

Okasyon

Likas sa tao, lalo na sa mga Pilipino ang ipagdiwang ang iba't ibang okasyong dumarating. Sa bawat selebrasyon, tumataas ang demand sa mga produkto na nababagay sa okasyon. Bulaklak at tsokolate sa araw ng mga puso, mga kwitis sa biniyagan at masasarap na pagkain tuwing piyesta. Magbubunga ito ng paggalaw ng kurba ng demand para sa mga nabanggit na produkto.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Siriin kung tama o mali ang mga pangungusap. Isulat ang salitang **tama** sa iyong kwaderno kung naniniwala kang tama ang pangungusap, at ang salitang **mali** kung sa iyong palagay ay mali ang pangungusap.

- _____ 1. Ang demand ay tumutukoy sa ating gustong bilhin.
- _____ 2. Ang demand ay tumutukoy sa gusto at kaya nating bilhin.
- _____ 3. Ang demand at dami na demanded ng isang produkto ay pareho lamang.
- _____ 4. Kapag lumaki ang kita ni Joseph, ang demand niya para sa maong ay bababa.
- _____ 5. Kapag dumami ang mga mamimili ng maong, bababa ang kabuuang demand para sa maong.
- _____ 6. Kapag tumaas ang presyo ng maong, magkakaroon ng paggalaw sa kurba ng demand.

- _____ 7. Kapag inaasahan ng isang mamimili ng kape na tataas ang presyo nito sa isang buwan, bababa ang demand niya para dito ngayong linggo.
- _____ 8. Kung tumaas ang kita ng iyong magulang, tataas ang demand niya para sa pagkain ng inyong pamilya.
- _____ 9. Kapag bumaba ang presyo ng kape, ang demand para sa asukal ay bababa rin.
- _____ 10. Kapag bumaba ang presyo ng tsaa, ang demand para sa kape ay tataas.



Tandaan Mo!

- Ang “demand” ay tumutukoy sa parehong **kakayahan** at **kagustuhan** ng isang taong bumili ng isang produkto at serbisyo.
- Ang **demand** ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami na demanded para sa isang partikular na produkto o serbisyo sa isang partikular na pagkakataon.
- Ang mga salik na nakaapekto sa demand ay: kita ng maimili; panlasa; presyo ng mga kaugnay na pamalit o komplementaryong produkto o serbisyo; inaasahang na presyo ng produkto; populasyon; at okasyon.
- Ang pagbabago sa presyo ng produkto ay nagdudulot ng pagbabago ng dami na demanded (*quantity demanded*) para sa produkto.
- Ang pagbabago sa presyo ng produkto ay nagdudulot ng pagbabago sa dami na demanded (*quantity demanded*) para sa produkto. Makikita ito sa dayagram ng paggalaw mula sa isang punto sa kurba ng demand patungo sa isa pang punto sa parehong kurba ng demand at nangangahulugan na hindi magbabago ang iskedyul ng demand.
- Ang pagbabago sa alinmang salik maliban sa presyo ay nagdudulot ng pagbabago sa demand para sa produkto. Makikita ito sa dayagram ng paggalaw ng buong kurba ng demand patungo sa kanan o sa kaliwa ng orihinal na kurba at nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng bagong iskedyul ng demand o ng bagong relasyon ng presyo at dami na demanded ng produkto.



Gawain 3: Paglalapat

Ipagpalagay mo na ngayon ay Hunyo at buwan ng pasukan sa mga paaralan. Karaniwang may ganitong demand para sa kwaderno:

Demand para sa Kwaderno

Presyo (bawat piraso)	Dami na Demanded (piraso)
5 na piso	15
6na piso	12
7 na piso	9

Suriin mo ang mga datos sa talahanayan. Pagkatapos ay ilagay sa sumusunod na dayagram ang presyo at dami na demanded na nakatala sa itaas.



P – presyo

QD – dami na demanded

Ano ang mangyayari sa kurba ng demand mo ngayon para sa kawaderno kung:

1. Tataas ang presyo ng kwaderno mula 5 hanggang 6 na piso bawat piraso.
2. Daragdagan ni tatay ang iyong pambili ng kwaderno
3. May nabalitaan kang “sale” ng mga kwaderno sa susunod na linggo

Iguhit mo ang dayagram tulad ng pagkakaguhit natin sa mga halimbawa sa aralin para sa bawat sitwasyon

ARALIN 2

SUPLAY AT MGA SALIK NA NAKAAPEKTO DITO



Sa katatapos na aralin, tinalakay at inilarawan ang panig ng mamimili kung paano naaapektuhan ng iba't ibang mga salik ang kaniyang demand. Sa araling ito naman ay tatalakayan ang panig ng prodyuser at nagbibili (tindera o tindero). Anu-anong mga salik kaya ang nakaaapekto sa dami ng produktong isinusuplay ng mga prodyuser o ng mga nagbebenta sa pamilihan?



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kuhulugan ng suplay gamit ang iyong sariling mga salita;
2. Maibibigay ang pagkakaiba ng suplay at dami na isinusuplay;
3. Maipaliliwanag ang relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na isinusuplay;
4. Maibibigay ang mga salik na nakaaapekto sa suplay at ang epekto nito sa kabuuang demand; at
5. Maiaaplay ang lahat ng konsepto patungkol sa suplay sa pag-interpret ng mga ekonomikong penomena sa tunay na buhay.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!


Balikan natin si Joseph. Ipagpalagay mo naman ngayon na naisipan niyang gamitin ang naipon niyang pera sa pagtitinda ng halo-halo tuwing araw ng Sabado at Linggo. Nakabili na siya ng mga sangkap ng halo-halong kaniyang ibebenta. Nagsimula na rin siyang magtinda. Makalipas ang isang linggo, may dalawa pang itinayong tindahan ng halo-halo sa katapat niyang lugar. Ano sa palagay mo ang mangyayari sa kabuuang suplay ng halo-halo sa kanilang lugar? Sumunod na lingo, ibinili si Joseph ng isang makina ng kaniyang ina na mabilis na dumudurog ng yelo kaysa sa pangkaskas na kaniyang ginagamit. Ano sa tingin mo ang mangyayari sa dami ng iyong pwedeng ibentang halo-halo? Matapos ang tatlong araw bumaba ang halaga ng asukal na isa sa mga sangkap ng iyong itinitinda, dadami ba o magiging kaunti lamang ang ibebentang halo-halo ni Joseph?

Sa sitwasyong nabanggit, may ilang mga salik ng suplay na kailangan mong isaalang-alang na makaaapekto sa suplay ng halo-halo. Anu-ano ang mga ito?

Kahulugan ng Suplay

Kung may demand sa panig ng mamimili, mayroon namang **suplay** sa panig ng nagbebenta. Ang **suplay** ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami ng isang partikular na produkto o serbisyo na isinusuplay ng prodyuser o tindero sa isang partikular na pagkakataon. Para sa bawat presyo ang relasyon ng suplay ang nagtatakda kung gaano kadami ang isang produkto na nais ibenta ng prodyuser o nagbebenta sa nabanggit na presyo. Ang dami na nais ibenta ng mga nagtitinda sa isang partikular na presyo ay tinatatawag na dami ng isinuplay o **quantity supplied** sa Ingles. Sa ibaba ay ang talahanayan ng suplay para sa chocnut. Ang tawag dito ay iskedyul ng suplay o **supply schedule** sa wikang Ingles.

Presyo (piso bawat piraso)	Dami na Isinuplay
7	280
6	245
5	210
4	175
3	140
2	105
1	70



Mapapansin natin na kaiba sa demand, ang relasyon ng presyo sa dami ng isinuplay ay ***direkta***, ibig sabihin kapag tumataas ang presyo, dumadami rin ang dami ng isinusuplay at kung bumababa naman ang presyo ay bababa rin ang dami na isinusuplay ng isang partikular na produkto, ceteris paribus. Ito ang **batas ng suplay**.

Ang suplay ay tumutukoy din sa kabuuan ng relasyon, ibig sabihin, sa dayagram na nabanggit, ito ang kabuuan ng kurba samantalang, ang dami na isinuplay ay tumutukoy sa isang partikular na punto sa kurba ng suplay. Makikita sa dayagram na kung ang presyo ay pitong piso, ang dami na isinuplay ay 280.

Iba pang mga Salik na Nakakaapekto sa Suplat


Gaya ng demand, may iba pang mga salik na nakakaapekto sa suplay bukod sa presyo. Ito ay ang mga sumusunod:

- (1) teknolohiya;
- (2) halaga ng produksyon;
- (3) bilang ng mga nagbebenta;
- (4) presyo ng mga kaugnay na produkto;
- (5) ekspektasyon sa presyo;
- (6) buwis at mga subsidi; at
- (7) panahon o klima

Tulad ng pagsusuri ng mga salik na nakaaapekto sa demand, kailangan ding isaalang-alang ang bawat salik nang isa-isa habang ang ibang mga salik ay hindi nagbabago upang makita natin ang epekto nito sa kabuuan ng suplay.

(1) **Teknolohiya**

Ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan ng produksyon. Ang modernong teknolohiya – na gumagamit ng mga modernong makina – ay nakapagpaparami ng suplay ng produkto. Dahil dito, bumababa ang halaga ng produksyon na lalong nakahihikayat sa prodyuser o manininda na dagdagan ang kanilang suplay. Ang mababang halaga ng produksyon ay nagbubunga ng sa pagtaas ng tubo o kita ng mga prodyuser o suplayer, gayundin ang mga tindero o tindera. Ang pinaghusay na teknolohiya ay magiging dahilan ng pagtaas ng suplay. Ibig sabihin sa parehong presyo, nadaragdagan ang dami o bilang ng isinuplay na posible dahil sa paggalaw ng suplay. Kung iguguhit natin ito sa dayagram, ganito ang magiging resulta:



- P** – presyo
- QS** – dami ng isinuplay sa orihinal na suplay
- QS'** – dami ng isinuplay sa bagong suplay
- S** – orihinal na suplay
- S'** – bagong suplay


(2) **Halaga ng Produksyon**

Sa produksyon, kailangan ang mga materyales at manggagawa. Kapag tumaas ang presyo ng materyales, o tumaas ang sahod ng mga manggagawa,


magresulta ito sa pagtaas ng halaga ng produksyon. Hindi lamang ito ang mga kailangan sa produksyon. Kailangan din ang pagtustos sa iba pang gastusin tulad ng interes sa bangko para sa mga puhunang inutang sa bangko, buwis, renta sa lugar ng gawaan, at iba pa. Buti na lamang at halo-halo ang naisip ni Joseph, wala pa itong buwis at interes sa bangko na babayaran para sa puhunan. Maaari niya na lamang itong kunin sa kaniyang natipid na baon. Kung tataas ang halaga ng produksyon mababago ang kabuuan ng suplay at hindi lamang ang dami ng isinuplay kaya kung ilalagay natin ito sa isang dayagram, magkakaroon ng paggalaw ng kurba ng suplay papunta sa kaliwa. Kung bababa naman ang halaga ng produksyon, magkakaroon ng paggalaw patungo sa kanan.

(3) ***Bilang ng mga Nagtitinda***

Mas maraming nagtitinda o pabrika, mas malaki ang suplay. Kung mas kakaunti ang nagtitinda o pabrika, mas kakaunti ang suplay.



- P** – presyo
- QS** – dami ng isinuplay sa orihinal na suplay
- QS'** – dami ng isinuplay sa bagong suplay
- S** – orihinal na suplay
- S'** – bagong suplay



- P** – presyo
- QS** – dami ng isinuplay sa orihinal na suplay
- QS'** – dami ng isinuplay sa bagong suplay
- S** – orihinal na suplay
- S'** – bagong suplay

(4) **Presyo ng ibang Kaugnay na Produkto**

Ang mga pagbabago sa presyo ng isang produkto ay makaaapekto sa suplay ng nabanggit na produkto. Ang pagbaba sa presyo ng bigas ay makahihikayat sa isang magsasaka na magprodyus na lamang ng mais. Noong 1985, ang presyo ng asukal ay lubhang bumaba sa pandaigdigang pamilihan dahil nagkaroon ng sobrang suplay nito. Naging problema ito para sa mga Pilipinong prodyuser ng asukal dahil ang halaga ng kanilang produksyon ay mas mataas pa kaysa sa presyo ng asukal sa pandaigdigang pamilihan. Pinag-aralan nila ang posibilidad ng pagpoprodyus ng iba pang produkto at ang paggawa alcohol galling sa asukal.

(5) **Inaasahang Presyo ng Prodyuser**

Kung inaasahan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produktong isinusuplay sa madaling panahon, madalas na itinatago muna nila ito bago at ilalabas lamang upang maibenta kapag mataas na ang presyo. Tinatawag ito sa Ingles na hoarding. Nagbubunga ito ng artipisyal na kakulangan. Naranasan na natin sa Pilipinas na kapag nag-anunsyo ang pamahalaan na may napipintong pagtaas sa presyo ng gasolina, bigas, gatas, at mantika, ang mga produktong ito ay

nawawala o sa pamilihan. Kung inaasahan naman ng mga prodyuser na bababa ang presyo sa susunod na lingo, binabawasan nila ang kanilang produksyon. Ang mga magsasaka, hindi gaya ng ibang prodyuser, ay walang kakayahang bawasan ang kanilang produksyon dahil nakapagtanim na sila. Mayroon din namang mga pabrika na nagtataas ng kanilang produksyon dahil inaasahan nila na tataas din ang presyo. Ang inaasahang presyo ay makaaapekto sa suplay ng isang partikular na produkto na magbubunga sa paggalaw ng suplay. Makikita natin ito sa isang dayagram sa paggalaw ng mismong kurba ng suplay.

(6) ***Buwis at Subsid***

May mga buwis na nakapagpapalaki sa gastos o puhunan para sa produksyon. Ang mataas na buwis ay nakakapagpapababa ng motibasyon sa mga negosyante para magprodyus dahil mas maliit ang magiging kita o tubo nila. Ito ang dahilan kung bakit ang pamahalaan ay nagbibigay sa mga bago at kinakailangang industriya ng mga eksempyon sa pagbabayad ng buwis. Nagbibigay din ang pamahalaan ng insentibo sa buwis sa mga dayuhang imbestor at mga mamamayang mismo sa Pilipinas upang patuloy na mahikayat ang pamumuhunan at pagtatayo ng negosyo sa bansa. Ang subsidi naman ay mga tulong pinansyal n ibinibigay ng pamahalaan sa mga prodyuser. Isang halimbawa nito ang subsidi sa abono sa lupa na ibinibigay ng pamahalaan sa mga maliliit na magsasaka. Ang abono ay ibinebenta sa mas mababang halaga kumpara sa aktwal na presyo nito sa pamilihan. Ang pamahalaan ang nagbabayad sa kalabisan sa pagitan ng presyo sa pamilihan at sa presyong ibinibigay sa magsasaka. Ang subsidi ay nakapagpapababa ng halaga ng produksyon kaya lalong nahihikayat ang mga magsasaka na itaas ang kanilang produksyon upang lumaki naman ang kanilang tubo o kita.

(7) ***Panahon o Klima***

Kapag ang kalagayan ng panahon ay naaangkop sa pangangailangan ng mga prodyuser, tulad ng mga magsasaka, makaaasa ang mga mamimili na ang suplay ng mga produkto ay matutustusan. Halimbawa, ang pangangailangan ng patubig sa mga taniman ay napupunan kung tag-ulan. Ito ay mainam sa pagkakaroon ng maganda at saganang ani. Ang pagkakaroon ng mga kalamidad dulot ng bagyo at

sobrang ulan gaya ng El Niña o ng sobrang pag-init gaya ng El Niño, ay nakapagpapababa ng ani kaya kakaunti ang naisusuplay sa pamilihan.

May mga produkto rin gaya ng mga prutas at gulay na pana-panahon kung anihin. Kapag ani, maraming suplay sa mga pamilihan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Isulat ang **S** ↑ kung tataas ang suplay, **S** ↓ kung bababa ang suplay at

S kung walang pagbabago sa suplay batay sa mga sumusunod na sitwasyon.

- _____ 1. Bumili ng bagong makinarya ang mga negosyante.
- _____ 2. Itinaas ng sampung porsyento (10%) ang sahod ng mga manggagawa.
- _____ 3. Hinuhuli ng mga awtoridad ang mga nagtitinda sa labas ng palengke.
- _____ 4. Nakaimbento ng bagong teknolohiya ang mga Pilipino.
- _____ 5. Inalis ang pagkakaloob ng subsidi o tulong ng pamahalaan sa mga magsasaka.



Tandaan Mo!

- Ang **suplay** ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami ng isang partikular na produkto o serbisyo na isinuplay ng prodyuser o tindero sa isang partikular na pagkakataon.
- **Ang Batas ng Suplay** ay nagsasaad na kapag tumataas ang presyo, dumadami rin ang dami ng isinusuplay; kung bumababa naman ang presyo ay bababa rin ang dami na isinusuplay ng isang partikular na produkto, ceteris paribus.
- Ang iba pang salik na nakaapekto sa suplay maliban sa presyo ay ang teknolohiya; dami ng nagbebenta o prodyuser; presyo ng ibang kaugnay na produkto; ekspektasyon sa pagbabago ng presyo; buwis at subsidi; Halaga ng produksyon; at panahon o klima.
- Ang pagbabago sa dami ng isinusuplay (*quantity supplied*) ay naipakikita sa dayagram sa pamamagitan ng paggalaw mula sa isang punto patungo sa isa pang punto sa orihinal na kurba ng suplay. Ang pagbabago sa dami ng isinusuplay (*quantity supplied*) ay nangangahulugan ng pananatili ng orihinal na iskedyul ng suplay at



pananatili ng orihinal na relasyon sa pagitan ng presyo at dami ng isinusuplay ng isang produkto.

- Ang pagbabago sa suplay ay naipapakita sa dayagram sa pamamagitan ng paggalaw ng kurba ng suplay sa kanan o sa kaliwa ng orihinal na kurba. Ang pagbabago sa suplay ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng bagong iskedyul ng suplay at ng pagkakaroon ng bagong relasyon sa pagitan ng presyo at dami ng isinusuplay ng produkto.



Gawain 3: Paglalapat

Suriin ang bawat pangungusap sa ibaba at lagyan ng tsek ang ilalim ng larawan ayon sa naidudulot nito sa ekonomiya. Ang masayang mukha ay nangangahulugan ng mabuting epekto at ang malungkot na mukha ay di-mabuting epekto.

		
1. Pagkakaroon ng kartel sa pamilihan.		
2. Pagtangkilik sa teknolohiya ng ibang bansa.		
3. Pag-aalis ng kontrol sa presyo sa mga bilihan.		
4. Pagtataas ng presyo ng langis.		
5. Pag-aalis ng subsidi sa mga magsasaka.		
6. Pagbibigay insentibo sa mga imbentor na Pilipino.		
7. Pagkakaloob ng karagdagang benepisyo sa mga manggagawa.		
8. Paghihikayat sa mga dayuhang namumuhunan at negosyante.		
9. Pagtatalaga ng tiyak na lugar na pagtitindahan ng mga nagtitinda sa bangketa.		
10. Pagtatakda ng mataas na buwis sa mga negosyante.		

ARALIN 3

ANG EKWILIBRIYO SA PAMILIHAN



Malamang ay nararanasan mo na ang pumunta sa palengke, isang uri ng pamilihan. Maaaring ikaw o ang iba pang mamimili ay nakipagtawaran na sa tindera ng isda hinggil sa presyo nito. Maaaring hindi kayo magkasundo. Sa ibang okasyon naman ay nagkakasundo kayo. Sa mga ganitong pagkakataong mayroong pagkakasundo sa pagitan ng tindera mamimili, nagkakaroon ng palitan at tinatanggap ng mamimili ang produkto, sa kasong ito ang isda, na kapalit ng kaniyang bayad. Tatanggapin naman ng tindera ang pera na ayon sa napagkasunduang presyo kapalit ng kaniyang produkto. Ang ekonomikong penomenang ito ang tinatawag nating **ekwilibriyo**.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy kung kailan may ekwilibriyo;
2. Maipaliliwanag ang ekwilibriyong presyo at dami;
3. Matutukoy ang kahalagahan ng pagkakaroon ng ekwilibriyo para sa pagkakaroon ng aktwal na palitan sa pamilihan;
4. Matutukoy ang kahalagahan ng ekwilibriyo sa pagdidikta ng presyo at dami na pagpapalitan ng mamimili at nagbibili; at
5. Magagamit ang konsepto ng ekwilibriyo sa pag-unawa ng mga ekonomikong penomenon.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ang kaibigan nating si Joseph, nang sumunod na bakasyon, ay nagdesisyon na magnegosyo. Ngunit bago niya ito sinimulan, tiningnan muna niya kung ano ang maaari niyang ibenta na may katiyakan na siya ay kikita. “Ahhhh, ipagpapatuloy ko ang pagtitinda ng halo-halo,” ani niya sa sarili. Matapos niyang mapagdesisyunan kung ano ang ititinda, inalok niya ang pinsan niya na maging partner o kasosyo niya sa kaniyang negosyo. Kinausapan niya ang pinsan na tulungan siyang pag-aralan ang ilan sa mga

desisyong dapat gawin tulad ng kung ilang baso ng halo-halo ang ititinda at sa magkano ang bawat baso upang kumita sila nang mas malaki.


Sa tingin mo ano ang dapat nilang isaalang-alang upang masagot ang mga katanungang ito? Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

Ekwilibriyo sa Pamilihan

Ang **ekwilibriyo** ay isang kalagayan na walang sinuman sa mamimili at nagbibili ang gustong gumalaw at kumilos. Ito ang sitwasyon na ang mamimili (sa panig ng demand) at nagbibili (sa panig ng suplay) ay nagtatagpo. Sa pagkakataong ito nagaganap ang bilihan sa pagitan ng dalawang aktor ng pamilihan. Ang pagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan ay nagpapakita na nagkaroon ng kasunduan ang bumibili at nagbibili sa presyo at dami ng produkto.

Presyong Ekwilibriyo at Ekwilibriyong Dami

Ito ang pinagkasunduang presyo ng mamimili at nagbibili. Ito rin ang lebel ng presyo na umiiral sa pamilihan upang magkaroon ng transaksyon o bilihan ang dalawang aktor ng pamilihan. Ganito ang dayagram ng relasyong ito.




Paano nalalaman ang presyong ekwilibriyo? Sa iskedyul ng demand at suplay, ang presyong magbibigay ng parehong dami ng produkto na demanded (quantity demanded) at isinusuplay (quantity supplied), ang itinuturing na presyong ekwilibriyo. Muli mong suriin ang presyo, dami na demand, at dami na isinusuplay sa produktong chocnut.

Demand at Suplay Para sa Chocnut

Presyo (bawat piraso)	Dami na Demanded (Quantity Demanded)	Dami na Isinusuplay (Quantity Supplied)
7 piso	20	100
6 piso	30	90
5 piso	40	80
4 piso	50	70
3 piso	60	60
2 piso	70	50
1 piso	80	40

Ano ang ekwilibriyong presyo para sa demand at suplay ng chocnut? Tama ka, ang ekwilibriyong presyo ay tatlong piso bawat piraso ng chocnut. Bakit? Dahil sa presyong ito nagkakapareho ang dami ng chocnut na demanded at dami nito na isusuplay ng mga tindera o prodyuser (quantity demanded = quantity supplied). Sa presyong tatlong piso bawat piraso ng chocnut, at ang dami na ito ay 60 piraso. Ibig sabihin sa halagang tatlong piso, ang mga mamimili ay handang bumili ng 60 piraso ng chocnut at ang mga tindera o nagbibili ay handang magbenta ng 60 piraso sa ganoong halaga. Ito ang ekwilibriyong dami o bilang (60 piraso ng chocnut).

Kung ilalarawan ang relasyong ito sa isang dayagram, ito ang iyong makikita:




P_e = ekwilibriyong presyo

Q_e = ekwilibriyong dami

Bakit itinatawag itong ekwilibriyo? Suriin mo kung ano ang mangyayari kapag ang presyo ay mababa kumpara sa presyong kinakailangan upang maging pareho ang dami ng isusuplay sa dami na demanded. Ang sumusunod na dayagram ay nagpapakita ng suplay at demand para sa chocnut at ng presyo na mas mababa sa presyong ekwilibriyo.

Dayagram ng Demand st Suplay ng Chocnut



Makikita mo sa dayagram na ang dami ng chocnut na demanded ay mas mataas kaysa sa dami ng isinuplay sa halagang piso bawat piraso ng chocnut – may sobrang demand. Sa halagang piso bawat piraso ng chocnut, ang dami ng isinusuplay ay 40 at dang dami na demanded ay 80. May kulang na 40 na piraso ng chocnut upang matugunan ang dami na nais bilhin ng mamimili, ibig sabihin may kakulangan o **shortage**. Dahil dito, ang mga mamimili ay magkukumpetensya laban sa isa't isa, mag-aalok ng mas mataas na presyo para sa limitadong suplay at ang presyo ay tataas.

Sa halaga namang pitong piso bawat piraso ng chocnut, ang dami na demanded ay 20 piraso lamang at ang dami na isinuplay ay 100 piraso. Samakatuwid may sobrang suplay. 80 piraso ang sobrang suplay o **surplus**. Dahil dito, ang mga nagsusuplay ay magkukumpetensya para maibenta ang kanilang produkto sa pamamagitan ng pagbabawas ng presyo.

Ngayon maaari nating sabihin na pag mas malaki ang dami na demanded kaysa sa dami ng produkto na isinusuplay (shortage), tataas ang presyo. Kapag mas malaki ang dami ng produkto na isinusuplay kaysa sa dami na demanded (surplus), bababa ang presyo. Kapag ang dami ng produkto na demanded ay pareho lamang ng dami nito

na isinusuplay, ang presyo ay mananatili (presyong ekwilibriyo) *ceteris paribus*. Ito ang **batas ng suplay at demand**.

Patuloy na tataas o bababa ang presyo ng produkto o serbisyo depende sa kung ano ang mas marami – ang dami na demanded o ang dami ng produkto na isinusuplay sa isang partikular na presyo. Kinakailangan lamang na walang nagbabago sa ibang mga salik, hanggang makarating ito sa punto na magkakasundo ang mamimili at nagbibili sa dami ng bibilhin at dami ng isusuplay sa isang partikular na presyo o **punto ng ekwilibriyo**.


Pagbabago sa Ekwilibriyo

Sinasabing ang paggalaw ng alinman sa suplay o demand ay makaaapekto sa natamong ekwilibriyo sa pamilihan.

1. **Pagbabago ng demand habang walang pagbabago sa suplay**

a. **Epekto ng pagtaas ng kita**

tinalakay sa unang aralin sa modyul na ito na ang pagtaas ng sahod o kita ng tao ay nakapagpapataas ng kaniyang demand kaya ang kurba ng demand ay lumilipat sa kanan ng orihinal na kurba ng demand.




Mapapansin na ang ekwilibriyo ay lumipat mula E_1 hanggang E_2 bunga ng pagtaas ng presyo mula P_{e1} hanggang P_{e2} at ng dami mula Q_{e1} hanggang Q_{e2} . Nagkaroon ng pagtaas ng presyo dahil iyon ang insentibo ng mga nagtitinda upang dagdagan ang dami ng produkto na kanilang ipagbibili.

Ang anumang presyo na mas mataas o mas mababa sa presyong ekwilibriyo ay nagpapahiwatig na walang pagtatagpo o pagkakasundo ang mamimili at nagbibili kaya may disekwilibriyo sa pamilihan.

b. Epekto ng pagbabago ng panlasa o kagustuhan ng tao

Kung ang isang mamimili ay nagkakaroon ng kasiyahan sa pagkonsumo ng isang produkto, maaaring dagdagan niya ang kaniyang bibilhin ngunit kapag ito ay nagsawa na sa isang produkto, maaaring bawasan na niya ang pagbili nito.




Makikita sa dayagram ang paggalaw ng kurba ng demand mula sa kanan (D) patungo sa kaliwa (D'). Nagpapahiwatig ito ng pagbaba ng demand mula Q_{e1} patungong Q_{e2} . Maaaring ang isang mamimili ay nakadama ng pagkasawa sa pagkonsumo ng isang produkto. Halimbawa, maaaring nagsawa na sa pagkain ng manok o natakot sa bird flu sa mga manok, kaya naisipan ng mga tao na bawasan ang binibili nilang manok. Bunga nito, magkakaroon ng labis na suplay kaya ang presyo ay ibababa ng mga prodyuser upang mabili ang ibang suplay ng karne ng manok. Dahil dito ang ekwilibriyo ay lilipat mula E_1 papuntang E_2 sanhi ng pagbabang presyo mula P_{e1} patungo sa P_{e2} .

2. Pagbabago ng suplay habang walang pagbabago sa demand

a. Epekto ng mababang gastusin sa produksyon

Kung ang isang prodyuser o negosyate, halimbawa ay si Joseph at ang kanyang pinsan, ay nagbebenta ng halo-halo sa halagang sampung piso at ang kanilang inihanda para ibenta ay para sa 30 baso, ngunit dahil bumaba ang halaga ng saging, gatas at nata de coco, bumaba din ang kanilang gastusin sa produksyon at nakalikha sila ng 35 baso ng halo-halo. Ito ay nagbunga ng labis na suplay ng halo-halo. Upang maibenta ang ganoon karaming baso ng halo-halo, ibinaba ang presyo sa siyam na piso at ang mamimili ay handang bumili ng 50 baso.




Mapapansin na ang kurba ng suplay ay lumipat mula sa kaliwa (S) patungong kanan (S') at ang ekwilibriyo ay lumipat din mula sa E₁ na may presyong sampung piso at dami na 35 baso patungo sa E₂ na may presyong siyam na piso at dami na 50 baso.

b. Epekto ng kalamidad

Ang bagyo, baha at lahar ay ilan sa mga kalamidad na nakaaapekto sa suplay ng mga produkto sa pamilihan. Ang mga ganitong kalamidad ay nagbubunga ng pagbaba ng suplay sa pamilihan at nakapagpapabago ng ekwilibriyo sa pamilihan.


May mga negosyanteng nakapagsusuplay ng 200 piraso ng kanilang produktong gulay sa halagang sampung piso bawat piraso noong wala pang kalamidad na dumarating. Ngunit sa pagdating ng sunud-sunod na bagyo, napinsala ang mga pananim kaya ang suplay ay naging 150 piraso na lamang. Ito ang ipinakita sa paglipat ng kurba ng suplay mula sa kanan (**S**) patungong kaliwa (**S'**). Bunga nito, kinakailangang itaas ang presyo upang mabawasan ang bibilhin ng mga mamimili. Kaya ang presyo ay naging labinlimang piso bawat piraso, at ang ekwilibriyo ay lumipat din mula **E₁** na may presyong sampung piso at daming 200 piraso, patungong **E₂** na may presyong labinlimang piso at daming 150 piraso. Ito ang ipinakikita ng sumusunod na dayagram.



3. Magkasabay na pagbabago ng suplay at demand

Ang pagtaas ng kita ng tao at pagkakaroon ng mababang gastusing pamproduksyon ay nagbubunga ng sabay na pagbabago ng kurba ng demand at

suplay. Ang unang punto ng ekwilibriyo ay nasa E_1 kung saan nagtagpo ang D at S. Sa produktong payong, halimbawa, maaaring ang mamimili ay bibili ng 100 piraso ng payong sa halagang 100 piso bawat piraso at ang negosyante ay magbibili ng payong sa gayon ding presyo at dami. Mapapansin sa sumusunod na dayagram na bunga ng pagtaas ng kita ng tao ang kurba ng demand ay lilipat sa kanan (D') na nagpapakita ng pagtaas ng demand sa 400 piraso. Samantalang ang suplay ay nagbago rin dahil sa mababang gastusin sa produksyon, ang suplay ay tumaas mula 100 at naging 400 piraso. Nagpapakita ito ng paglipat ng kurba ng suplay sa kanan (S'). Sa pagkakataong ito, ang pangalawang ekwilibriyo ay nabuo sa punto E_2 sa parehong presyo 100 piso, ang mamimili at nagbibili ay nagkasundo sa daming 400 piraso.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ang nasa ibaba ay iskedyul ng *demand* at *supply* ng produktong X.

Punan ang sumusunod na talahanayan (Para sa huling kolum, piliin kung ano ang sitwasyon na nanginigababaw – kung may shortage o surplus o ekwilibriyo) at sagutin ang mga katanungan sa ibaba ng talahanayan.

Presyo	QD	QS	Shortage/Surplus/Ekwilibriyo
1	80	0	
2	60	20	
3	40	40	
4	20	60	
5	0	80	

1. Ano ang ekwilibriyong presyo? _____
2. Ano ang ekwilibriyong dami? _____
3. Ipakita ang grapikong paglalarawan ng talaan a sumusunod na dayagram.





Tandaan Mo!

- Ang **ekwilibriyo** ay isang kalagayan na walang sinuman sa mamimili at nagbibili ang gustong gumalaw at kumilos. Ito ang sitwasyon na ang mamimili (sa panig ng demand) at nagbibili (sa panig ng suplay) ay nagtatagpo. Sa pagkakataong ito nagaganap ang bilihan sa pagitan ng dalawang aktor ng pamilihan.
- Ang ekwilibriyong presyo ay ang pinagkasunduang presyo ng mamimili at tintera.
- Ang ekwilibriyong dami ay ang pinagkasunduang dami ng mamimili at tintera.
- **Ang batas ng suplay at demand** ay nagsasaad na kapag mas malaki ang dami na demanded kaysa sa dami ng produkto na isinusuplay, nagkakaroon ng *shortage* at tataas ang presyo. Kapag mas malaki ang dami ng produkto na isinusuplay kaysa sa dami na demanded, nagkakaroon ng suplay at bababa ang presyo. Kapag ang dami ng produkto na demanded ay pareho lamang ng dami nito na isinusuplay, ang presyo ay mananatili (presyong ekwilibriyo) *ceteris paribus*.



Gawain 3: Paglalapat

Isulat ang **PE**↑ kung tataas ang presyong ekwilibriyo, **PE**↓ kapag bababa ang presyong ekwilibriyo at **PE** kung walang pagbabago sa presyong ekwilibriyo batay sa mga sumusunod na sitwasyon.

- _____ 1. Maraming nahikayat sa bagong patalastas ng *Surf*.
- _____ 2. Nagmahal ang bayad sa mga sangkap ng produksyon.
- _____ 3. Nabigyan ng promosyon sa kanilang kompanya si Christer John kaya tumaas na naman ang kaniyang sahod.
- _____ 4. Patuloy ang pagkakaloob ng tulong ng pamahalaan sa mga maliliit na negosyante.
- _____ 5. Nagtakda ng bagong buwis ang para sa mga negosyante.

ARALIN 4

ELASTISIDAD NG DEMAND AT SUPLAY



Gaano kalaki ang epekto sa dami na demanded kung madaragdagan mababawasan ang presyo ng isang produkto? Gaano kalaki ang epekto sa dami ng isinusuplay kung may pagbabago sa presyo ng isang produkto? Ito ay tutugunin ng elastisidad. Matapos mong pag-aralan ang suplay, demand at ekwilibriyo, isa pang importanteng dapat mong matutuhan upang lubusan mong maunawaan ang konsepto ng distribusyon ay ang elastisidad – elastisidad ng bawat aktor sa pamilihan – ng demand at ng suplay.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang konsepto at implikasyon ng elastisidad;
2. Matutuos ang *value* ng elastisidad at matutukoy ang implikasyon nito; at
3. Maiaaplay ang konsepto ng elastisidad sa pagpapaliwanag ng mga ekonomikong penomenang nangangailangan nito upang maliwanagan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pagkatapos mong magbasketbol, kahapon, ikaw ay pagod na pagod at uhaw na uhaw. Mayroon kang walong piso at dahil malayo pa ang bahay ninyo, napagpasayahan mo na bumili na lamang ng *softdrinks* sa tindahang iyong nadaanan. Nalaman mo na ang paborito mo palang softdrinks ay tumaas na ang presyo, ang dating 8 piso bawat bote ay naging 9 na piso na bawat bote. Kulang na ang iyong pera ngunit uhaw na uhaw ka na. Ano ang iyong gagawin?

Elastisidad ng Demand

Ang **elastisidad ng demand** ay tumutukoy sa porsyento ng pagtugon ng konsyumer sa pagbabago ng presyo. Ang magiging pagtugon ng QD sa bawat porsyento ng pagbabago ng presyo ay malalaman sa pagkuha ng presyong elastisidad ng demand. Ganito ang pagtutuos ng elastisidad

Kompyutasyon ng Elastisidad ng Demand

$$EP = \frac{\text{porsyento ng pagbabago ng sa dami (} \% \Delta QD)}{\text{Porsyento ng pagbabago sa presyo (} \% \Delta P)}$$

$$\Delta QD = QD_2 - QD_1$$

$$\Delta P = P_2 - P_1$$

$$\% \Delta QD = \frac{QD_2 - QD_1}{\overline{QD}}$$

$$\overline{QD}$$

$$\% \Delta P = \frac{P_2 - P_1}{\overline{P}}$$

$$\overline{QD} = \frac{QD_1 + QD_2}{2}$$

$$\overline{P} = \frac{P_1 + P_2}{2}$$

kaya:

$$EP = \frac{\frac{QD_2 - QD_1}{QD_1 + QD_2}}{\frac{P_2 - P_1}{P_1 + P_2}}$$

QD = dami na demanded

P = presyo

Δ = pagbabago

Halimbawang mayroon tayong datos na :

$QD_1 = 500$ kilo ng bigas

$P_1 = 15$ /kilogram

$QD_2 = 450$ kilo ng bigas

$P_2 = 22$ /kilogram

Ihalili natin ang datos sa pormula:

$$EP = \frac{\frac{450 - 500}{500 + 450}}{\frac{22 - 15}{15 + 22}} = \frac{\frac{-50}{950}}{\frac{7}{37}} = \frac{-50}{475} = \frac{-0.105}{0.378} = -0.28$$

Ang nakuha sa kompyutasyon ay -0.28 . Sa pagkuha ng elasticidad ay ibabalewala ang *negative sign* dahil ang mahalaga lamang sa atin ay ang porsyento ng pagbabago.

Mga Uri ng Elasticidad

1. *Elastik (Elastic)*

Kapag ang naging *value* sa kompyutasyon gamit ang pormula sa itaas ay higit sa 1, ang demand ay elastiko. Ibig sabihin nito, sa bawat isang porsyentong pagbabago ng presyo, ang demand ng mamimili ay mababawasan nang mahigit sa isang porsyento. Halimbawa, kung tumaas ang presyo ng chocnut ng isang porsyento, ang dami na demanded ng mamimili ay bababa ng higit sa 1 porsyento. Ipinakikita ng elastik na elasticidad na kayang magbawas ng malaking porsyento sa demand ang mamimili sa bawat porsyento ng pagtaas ng presyo.

Halimbawa:

$QD_1 = 200$ skyflakes na biskwit

$P_1 = 5$ piso bawat piraso

$QD_2 = 75$ skyflakes na biskwit

$P_2 = 9$ piso bawat piraso


$$EP = \frac{\frac{75 - 200}{200 + 75}}{\frac{9 - 5}{5 + 9}} = \frac{\frac{-125}{275}}{\frac{4}{14}} = \frac{-125}{137.5} = \frac{-0.91}{0.571} = -1.59$$

Ang pagtugon ng mamimili ay elastiko (tandaan, ibinabalewala ang *negative sign* sa pagkalkula ng elasticidad kaya ang solusyon sa kompyutasyon sa itaas ay higit sa 1)

kung saan maaaring humanap ng pamalit sa *skyflakes* na biskwit sa sandaling tumaas ang presyo nito. Ang pagbaba ng demand ay mahigit sa isang porsyento.


Ang ganitong pagtugon ng konsyumer ay nagagawa niya kapag ang mga produktong binibili ay maraming pamalit. Halimbawa, kapag mahal ang *softdrinks*, bibili na lamang ng gulaman, *juice* o di kaya ay tubig bilang pamatid uhaw. Bukod sa maraming pamalit na produkto, nagagawa rin ng konsyumer na bawasan nang malaki ang demand sa mga *luxury goods* o mga produktong di-gaanong kailangan tulad ng pabango, make-up, alahas, at iba pa.

Ang ganitong uri ng pagtugon ay makikita rin sa sumusunod na dayagram:




Sa puntong ito, ang nagtitinda ay hindi maaaring magtaas ng presyo sapagkat maraming produkto ang magiging kapalit, kung kaya ang sobrang taas ng presyo ay hindi gaanong umiiral sa pamilihan.

Makikita rin ang ganap na elastiko sa ganitong reaksyon ng mamimili sa presyo sa pamilihan. Batay sa sumusunod na dayagram ang mamimili ay hindi handang tumanggap ng anumang pagtaas ng presyo. Ipinakikita ng dayagram na ang mamimili ay handang bumili ng maraming produkto sa isang takdang presyo. Nagagawa ito sa mga produktong maraming kapalit at di-gaanong kailangan ng mga mamimili.




2. *Di-elastik (inelastic)*

Kapag ang naging *value* sa kompyutasyon gamit ang pormula sa itaas ay mababa sa 1, ang demand para sa produktong ito ay di-elastiko. Ibig sabihin nito, sa bawat isang porsyentong pagbabago ng presyo, ang demand ng mamimili ay mababawasan ng mababa sa isang porsyento. Halimbawa, kung tumaas ang presyo ng bigas, sa bawat isang kilo ng isang porsyento, ang dami na demanded ng mamimili ay bababa ng mababa sa 1 porsyento. Ang konsyumer ay walang kakayahan na bawasan mas marami ang demand kumpara sa porsyento ng pagtaas ng presyo. Ang ganitong pagtugon ng mamimili ay nakikita sa mga produktong mahalagang-mahalaga tulad ng bigas, asukal, mga serbisyo o produktong walang kapalit o malapit na pamalit tulad ng serbisyo ng tubig ng Maynilad o kuryente ng Meralco, at mga gawa ng monopolyo. Kahit tumaas ang presyo ng bigas ng limang porsyento, hindi magagawa ng mamimili na bawasan nang malaki ang pagkonsumo sa bigas dahil ito ay isa sa mga pangunahing pagkain ng mga tao. Maaaring ang pagbaba ng konsumo sa bigas ay maliit na porsyento lamang. Ang sumusunod na dayagram ang naglalarawan ng ganitong pagtugon ng mga mamimili.



Ang kawalan ng kakayahan ng mamimili na magbawas ng demand sa bawat pagtaas ng presyo ay makikita sa ganap na di-elastik. Ang mamimili ay nakahandang tunanggap ng anumang pagtaas ng presyo. Ang dami ng bibilhing produkto (QD) ay hindi magbabago kahit patuloy na magtaas ng presyo ang mga nagtitinda. Makikita ang ganitong pagtugon sa susunod na dayagram:




Ganap na Di-Elastik

3. *Unitary*

Ang pagtugon ng mamimili sa porsyento ng pagbabago ng presyo ay tinatawag na **unitary** kapag ang value ng katumbas ng 1 ang nakuha sa kompyutasyon. Ito ay nagpapahiwatig na sa bawat 1 porsyento ng pagbabago o pagtaas ng presyo, ang QD o demand ng mamimili ay bababa rin ng 1 porsyento.

Kayang tumbasan ng pagbaba ng demand ng mamimili ang anumang pagtaas ng presyo. Sa mga produktong tulad ng kendi, mga tsitsirya, mga damit na pambata at ilang uri ng inumin ay maaari itong gawin.

Ipinakikita ng sumusunod na dayagram na ang pagbabago ng presyo ay katumbas ng pagbabago ng demand (QD).




Elastisidad ng Suplay

Ang presyong elastisidad ng suplay ay ang pagsukat sa porsyento ng pagtugon ng mga prodyuser o nagtitinda sa porsyento ng pagbabago ng presyo. Ang pagtugon ng QS sa pagbabago ng presyo ay inuuri sa elastiko, di-elastiko at unitary. Tulad sa elastisidad ng demand, ang may value na mataas sa 1 ay elastiko, mababa mula sa 1 di elastiko at ang katumbas ay 1 ay unitary.

Ang pormula sa pagkalkula o pagtutuos ng elastisidad ay iisa, maging ito ay demand o suplay. Kaya lamang, ang sa inilalagay natin sa dami ay dami ng isinusuplay sa halip na dami na demanded.


$$EP = \frac{\frac{QS_2 - QS_1}{QS_1 + QS_2}}{\frac{P_2 - P_1}{\frac{P_1 + P_2}{2}}}$$

Ipinakikita ng sumusunod na dayagram ang kurba ng elastikong suplay kung saan mas malaki ang pagbabago ng suplay sa bawat porsyento ng pagbabago ng presyo. Ito ay nagagawa ng mga prodyuser kapag mahalagang mahalaga ang produktong ipagbibili, dahil kahit tumaas ang presyo, siguradong ito ay bibilhin pa rin ng mga tao, tulad ng bigas, asukal, gas, at iba pa.




Elastik

Sa sumusunod na dayagram naman ay inilalarawan ang di-elastik na suplay na nangangahulugang mas malaki ang pagbabago ng presyo kaysa sa pagbabago ng suplay. Kapag tumaas ang presyo, di gaanong makapagtataas ng suplay ang mga prodyuser sa mga produktong maraming pamalit at di gaanong kailangan.



Di-elastik

Ang magkaparehong pagbabago ng suplay at presyo ay inilalarawan ng sumusunod na dayagram. Kapag ang presyo ay tumaas ng isang porsyento amh suplay ay magtatas din ng isang porsyento.



Mayroon ding tinatawag na ganap na elastik at ganap na di-elastik. Ang prodyuser ay handang magbili ng kahit gaano karaming produkto sa isang nakatakdang presyo sa ganap na elastik. Samantalang sa ganap na di-elastik ang mga prodyuser ay may nakatakdang dami ng produkto na ipagbibili kahit patuloy na tumataas ang presyo. Ang grapikong paglalarawan ay gaya ng sa elasticidad ng demand sa ganap na elastik at ganap na di-elastik.








Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Punan ang bawat patlang ng salitang o grupo ng mga salita na kumakatawan sa tinutukoy ng bawat pangungusap.

- _____ 1. Pagsukat ng porsyento ng pagtugon ng konsyumer sa pagbabago ng presyo.
- _____ 2. Ang tawag sa elasticidad kung ang value nito ay mababa sa 1 porsyento.
- _____ 3. Ang tawag sa elasticidad kung ang pagbabago ng QD at P ay pantay.
- _____ 4. Ang pagtugon ng konsyumer sa produktong maraming pamalit.
- _____ 5. Ang pagtugon ng prodyuser o nagtitinda sa produktong walang malapit na pamalit.

Ano ang ipinakikita ng bawat dayagram? Isulat sa ibaba ng dayagram kung elastiko, di elastiko, ganap na elastiko, ganap na di-elastiko, o unitary.





Kompyutin o tuusin ang presyong elasticidad at kilalanin ang uri nito (elastiko, unitary o di-elastiko).

1. $QD_1 = 50$ piraso

$P_1 = 8$

$QD_2 = 20$ piraso

$P_2 = 12$

2. $QD_1 = 460$ kilo ng bigas

$P_1 = 13$ piso bawat kilo

$QD_2 = 440$ kilo ng bigas

$P_2 = 19$ kilo ng bigas

3. $QS_1 = 100$

$P_1 = 25$

$QS_2 = 150$

$P_2 = 50$



Tandaan Mo!

- Ang **elastisidad ng demand** ay tumutukoy sa porsyento ng pagtugon ng konsyumer sa pagbabago ng presyo. Ito ay tinituos sa pamamagitan ng pormulang

$$EP = \frac{\text{porsyento ng pagbabago ng sa dami (} \% \Delta QD)}{\text{porsyento ng pagbabago sa presyo (} \% \Delta P)}$$

- Kapag ang naging *value* sa kompyutasyon gamit ang pormula sa itaas ay higit sa 1, ang demand ay **elastiko**. Ibig sabihin nito, sa bawat isang porsyentong pagbabago ng presyo, ang demand ng mamimili ay mababawasan ng mahigit sa isang porsyento.
- Kapag ang naging *value* sa kompyutasyon gamit ang pormula sa itaas ay mababa sa 1, ang demand para sa produktong ito ay di-elastiko. Ibig sabihin nito, sa bawat isang porsyentong pagbabago ng presyo, ang demand ng mamimili ay mababawasan ng mababa sa isang porsyento.
- Ang pagtugon ng mamimili sa porsyento ng pagbabago ng presyo ay tinatawag na **unitary** kapag ang value ng katumbas ng 1 ang nakuha sa kompyutasyon. Ito ang nagpapahiwatig na sa bawat 1 porsyento ng pagbabago o pagtaas ng presyo, ang QD o demand ng mamimili, ay bababa rin ng 1 porsyento.
- Ang **presyong elastisidad ng suplay** ay ang pagsukat sa porsyento ng pagtugon ng mga prodyuser o nagtitinda sa porsyento ng pagbabago ng presyo.
- Tulad sa elastisidad ng demand, ang may value na mataas sa 1 ay **elastiko**, mababa mula sa 1 ay **di elastiko** at ang katumbas ay 1 ay **unitary**. Ginagamit ang pormulang

$$EP = \frac{\text{porsyento ng pagbabago ng sa suplay (} \% \Delta QS)}{\text{porsyento ng pagbabago sa presyo (} \% \Delta P)}$$

sa pagtutuos ng elastisidad.



Gawain 3: Paglalapat

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan at ilagay ang iyong sagot sa iyong kwaderno:

1. Kung tumaas ang halaga ng bigas, malaki ba ang magiging pagbabago sa dami na demanded para sa produktong ito ng mga konsyumer? Sa katumbas na isang porsyento ng pagbabago sa halaga ng bigas, gaano kalaki nag pagbabago sa demand para dito?
2. Kung tumaas ang halaga ng kuryente bawat kilowatt-hour, malaki ba ang magiging pagbabago sa dami na isusuplay na kuryente ng mga nagbebenta nito? Sa isang porsyento ng pagbabago sa halaga ng kuryente, gaano kalaki ang pagbabago sa dami na ipinagbibili ng kuryente?



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang “demand” ay tumutukoy sa parehong **kakayahan** at **kagustuhan** ng isang taong bumili ng isang produkto at serbisyo. Tumutukoy din ito sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami na demanded para sa isang partikular na produkto o serbisyo sa isang partikular na pagkakataon.
- ◆ Ang **suplay** ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng presyo at dami ng isang partikular na produkto o serbisyo na sinuplay ng prodyuser o tindero sa isang partikular na pagkakataon.
- ◆ Ayon sa Batas ng Demand
- ◆ Ayon naman sa **Batas ng Suplay**, kapag tumataas ang presyo, dumadami rin ang dami ng isinusuplay at kung bumababa naman ang presyo ay bababa rin ang dami na isinusuplay ng isang partikular na produkto, *ceteris paribus*.
- ◆ Ang **ekwilibriyo** ay isang kalagayan na walang sinuman sa mamimili at nagbibili ang gustong gumalaw at kumilos. Ito ang sitwasyon na ang mamimili (sa panig ng demand) at nagbibili (sa panig ng suplay) ay nagkatagpo. Sa pagkakataong ito nagaganap ang bilihan sa pagitan ng dalawang aktor ng pamilihan. Ang **ekwilibriyong presyo** ay ang pinagkasunduang presyo ng mamimili at tindera. Ang **ekwilibriyong dami** ay ang pinagkasunduang dami ng mamimili at tindera.
- ◆ **Batas ng suplay at demand:** Kapag mas malaki ang dami na demanded kaysa sa dami ng produkto na isinusuplay, magkakaroon ng *shortage* at tataas ang presyo. Kapag mas malaki ang dami ng produkto na isinusuplay kaysa sa dami na demanded nagkakaroon ng surplus, bababa ang presyo. Kapag ang dami ng produkto na demanded ay pareho lamang ng dami nito na isinusuplay, at bababa ang presyo ay mananatili (presyong ekwilibriyo) *ceteris paribus*.
- ◆ Ang **elastisidad ng demand** ay tumutukoy sa porsyento ng pagtugon ng konsyumer sa pagbabago ng presyo. Ang **presyong elastisidad ng suplay** ay ang pagsukat sa porsyento ng pagtugon ng mga prodyuser o tindera sa porsyento ng pagbabago ng presyo.



PANGHULING PAGSUSULIT:

I. Panuto: Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Ang pinakamainam na depinisyon ng demand ay
 - A. Dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mga mamimili sa isang partikular na presyo.
 - B. Halaga na gusto at kayang bayaran ng mga mamimili para sa isang partikular na dami ng produkto o serbisyo.
 - C. Relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na gustong bilhin ng mga tao.
 - D. Relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na gusto at kayang bilhin ng mga tao.

2. Ang prinsipyo na nagsasaad na sa halos lahat ng produkto at serbisyo, mayroong saliwa o negatibong relasyon sa pagitan ng halaga o presyo at dami na hinihingi demanded:
 - A. Demand
 - B. Suplay
 - C. Ekwilibriyum
 - D. Di-ekwilibriyum

3-7 Pag-aralan ang talahanayang ito. Pagkatapos ay sagutin isa-isa ang mga tanong sa bilang 3-7.

Demand Para sa Chocnut

Halaga (Piso sa bawat piraso)	Dami na demanded (Piraso bawat buwan)		
	John	Eunice	Grace
7	10	0	60
6	15	10	80
5	20	20	100
4	25	30	120
3	30	40	140
2	35	50	160
1	40	60	180

3. Kung ang halaga ng chocnut ay 2 piso, ang dami na demanded ni John ay ____
- A. 40. C. 30.
B. 35. D. 25.
4. Kung si Eunice ay may kakayahan lamang na bumili ng 30 piraso ng chocnut, ang pinakamataas na halagang nais at kaya niyang ibayad ay ____.
- A. 7 piso. C. 1 piso.
B. 6 piso. D. 4 piso.
5. Kung si John ay may kakayahan lamang bumili ng 30 piraso ng chocnut, ang pinakamataas na halagang nais at kaya niyang ibayad ay ____.
- A. 7 piso. C. 1 piso.
B. 6 piso. D. 3 piso.
6. Kung ang halaga ng chocnut ay tumaas mula piso hanggang 3 piso, babawasan ni Grace ang dami na demanded mula 180 piraso hanggang 140 piraso dahil sa
- A. Batas ng Demand.
B. Batas ng Suplay.
C. Pagbabago sa kaniyang panlasa.
D. Pag-aalala sa mga pagbabago sa pandaigdigang halaga ng chocnut sa susunod na mga araw.
7. Kung si John, Eunice, at Grace lamang ang bumibili ng chocnut, at ang halaga ng bawat chocnut ay 2 piso kada piraso, ang kabuuang demand para sa chocnut ay ____ piraso kada buwan.
- A. 245 C. 145
B. 270 D. 185
8. Ang relasyon sa pagitan ng dami ng produkto o serbisyo na nais at kayang ipagbili ay:
- A. Suplay. C. Ekwilibriyum.
B. Demand. D. Hindi ekwilibriyum.

9. Kung ang manok ay produktong maaaring ipalit sa baka at ang baka ay maaaring ipalit sa manok bilang pagkain, kapag malaki ang ibinaba ng presyo ng manok, magkakaroon ng :
- Pagtaas sa demand ng baka.
 - Pagtaas sa dami ng baka na demanded.
 - Pagbaba sa demand ng baka.
 - Walang pagbabago sa demand ng baka.
10. Kung cassette player at tapes ay mga produktong magkasamang kinokonsumo, kung bumaba nang malaki ang halaga ng cassette player, magkakaroon ng:
- Pagtaas sa demand ng tape.
 - Pagtaas sa dami ng tape na demanded.
 - Pagbaba sa demand ng tape.
 - Pagbaba sa dami ng tape na demanded.
11. Kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, maaaring mong asahan na:
- tataas ang suplay ng nasabing produkto.
 - ang dami na ipinagbibili ng produkto ay tataas.
 - ang dami na ipinagbibili ng produkto ay bababa.
 - ang kurba ng suplay ay pupunta sa kanan.
- 12-16. Pag-aralan mo ang mga datos sa talahanayang ito. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong bilang 12 hanggang 16.

Suplay ng Chocnut

Halaga (Piso sa bawat piraso)	Dami na demanded (Piraso bawat buwan)		
	John	Eunice	Grace
7	10000	20000	40000
6	8000	16000	35000

5	6000	12000	30000
4	4000	8000	25000
3	2000	4000	20000
2	1000	1500	15000
1	500	800	10000

12. Kung ang halaga ng bawat choconut ay 5 piso, ang dami na isusuplay ni John ay
- A. 500. C. 8000.
B. 4000. D. 6000.
13. Kung ang halaga ng bawat choconut ay 4 na piso, ang dami na isusuplay ni Eunice ay
- A. 20000. C. 4000.
B. 8000. D. 1500.
14. Kung ang halaga ng bawat choconut ay piso, ang dami na isusuplay ni Grace ay
- A. 10000. C. 40000.
B. 25000. D. 30000.
15. Kung si Grace ay may kakayahan lamang na magsuplay ng 20000 piraso ng choconut kada buwan, ang pinakamababang halaga bawat piraso na maaari niyang ibenta ay
- A. 5 piso. C. piso.
B. 3 piso. D. 7 piso.
16. Kung sina John, Eunice at Grace lamang ang mga suplayer ng choconut sa pamilihan, at ang halaga ng bawat choconut ay 4 na piso, ang kabuuang suplay ng choconut bawat buwan ay _____.
- A. 70000. C. 37000.
B. 48000. D. 13000.

17. Ang interseksyon sa pagitan ng kurba ng suplay at demand ay nagbabadya na:
- ang presyo ay estable.
 - na may sobra sa suplay na magiging dahilan ng pagbaba ng presyo.
 - na may kakulangan sa suplay na magiging dahilan ng pagtaas ng presyo.
 - ang dami na demanded ay higit sa dami na isinuplay.

18-20. Pag-aralan mo ang susunod na talahanayang ito at sagutin ang mga tanong mula 18 hangang.

Pamilihan para sa Chocnut

Presyo (piso bawat piraso)	Dami na Demanded	Dami na Isinuplay
7	70	280
6	105	245
5	140	210
4	175	175
3	210	140
2	245	105
1	280	70

18. Kung ang presyo ay apat na piso bawat chocnut, ang presyo ay
- di magbabago.
 - babagsak sa piso.
 - babagsak sa 3 piso.
 - tataas sa 5 piso.
19. Ang ekwilibriyong presyo at dami ng chocnut ay _____ piso at _____ piraso.
- 7 ; 280
 - 6 ; 245
 - 4 ; 175
 - 5 ; 175
20. Kung ang halaga ng bawat piraso ng bawat chocnut ay 6 na piso, mayroong
- sobra na 140 pirasong chocnut bawat buwan.
 - kakulangang 140 na pirasong chocnut bawat buwan.
 - sobra na 70 na pirasong chocnut bawat buwan.
 - kakulangang 70 na pirasong chocnut bawat buwan.



GABAY SA PAGWAWASTO

PANIMULANG PAGSUSULIT

- | | | | |
|-----|---|-----|---|
| 1. | C | 11. | C |
| 2. | C | 12. | C |
| 3. | C | 13. | C |
| 4. | C | 14. | C |
| 5. | C | 15. | C |
| 6. | C | 16. | C |
| 7. | C | 17. | C |
| 8. | C | 18. | C |
| 9. | C | 19. | C |
| 10. | C | 20. | C |

ARALIN 1: DEMAND AT MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO DITO

GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!


- a. presyo ng isang pares ng maong
- b. okasyon
- c. presyo ng mga kaugnay na produkto
 - a) presyo ng produktong komplementaryo
 - b) presyo ng mga substitute goods
- d. kita
- e. ekspekted na persyo
- f. panlasa

Note: Ang populasyon o dami ng mamimili ay hindi naisasaalang-alang sa kalagayan ni Joseph dahil indibidwal na demand lamang ang pokus dito samantalang ang dami ng mamimili ay may epekto sa kabuuang demand sa pamilihan kaya't itinuturing din itong salik ng demand.


GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- | | |
|---------|----------|
| 1. Mali | 6. Mali |
| 2. Tama | 7. Mali |
| 3. Mali | 8. Tama |
| 4. Mali | 9. Mali |
| 5. Mali | 10. Tama |



GAWAIN 3: Paglalapat



II. 1. P



* May paggalaw lamang mula sa isang punto ng orihinal kurba patungo sa pang punto sa parehong kurba



ARALIN 2: SUPLAY AT MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO DITO



GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!

1. tataas ang dami ng suplay ng halo-halo
2. tataas ang dami ng suplay
3. tataas ang dami ng suplay
4. dami ng nagtitinda
5. teknolohiya
6. gastos ng produksyon o puhunan

GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. S ↑
2. ↓ S
3. ↓ S
4. S ↑
5. ↓ S

GAWAIN 3: Paglalapat

		
1. Pagkakaroon ng kartel sa pamilihan.		/
2. Pagtangkilik sa teknolohiya ng ibang bansa.		/
3. Pag-aalis ng kontrol sa presyo sa mga bilingin.		/
4. Pagtataas ng presyo ng langis.		/
5. Pag-aalis ng subsidi sa mga magsasaka.		/
6. Pagbibigay insentibo sa mga imbentor na Pilipino.	/	
7. Pagkakaloob ng karagdagang benepisyo sa mga manggagawa.	/	
8. Paghihikayat sa mga dayuhang namumuhunan at negosyante.	/	
9. Pagtatalaga ng tiyak na lugar na pagtitindahan ng mga nagtitinda sa bangketa.	/	
10. Pagtatakda ng mataas na buwis sa mga negosyante.		/

ARALIN 3: EKWILIBRIYO SA PAMILIHAN


GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!

Malamang ay maghanap ka na lamang ng ibang pamatid uhaw, maaaring softdrink din na medyo kalasa ng paborito mong softdrink o juice o kaya ay ice tubig ngunit mas mura. Ibig sabihin dahil may pamalit, malaki ang naging epekto sa dami ng paborito mong softdrinks na iyong binibili.

GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Presyo	QD	QS	Shortage/Surplus/Ekwilibriyo
1	80	0	Shortage
2	60	20	Shortage
3	40	40	Ekwilibriyo
4	20	60	Surplus
5	0	80	Surplus

1. ekwilibriyong presyo = 3 piso
2. ekwilibriyong dami = 40
3. **P**



GAWAIN 3: Paglalapat

1. PE ↑
2. PE ↑
3. PE ↑
4. PE ↓
5. PE ↓

ARALIN 4: ELASTISIDAD NG DEMAND AT SUPLAY

GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!

- Maaaring di mabawasan o kung nabawasan man ay maliit lamang

GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- | | |
|----------------|------------------------|
| 1. elasticidad | 6. di-elastik |
| 2. di-elastik | 7. ganap na di-elastik |
| 3. unitary | 8. ganap na elastik |
| 4. elastik | 9. elastik |
| 5. elastik | 10. unitary |

- II 1. -2.15 elastik
2. -0.12 di-elastik
3. 0.60 di-elastik

GAWAIN 3: Paglalapat

1. Maliit ang ipagbabago sa dami. Mababa sa isang porsyento ang pagbabago.
2. Malaki ang ipagbabago sa dami. Mahigit sa isang porsyento ang pagbabago.

PANGHULING PAGSUSULIT

1. D
2. A
3. B
4. D
5. D
6. A
7. A
8. A
9. C
10. A
11. B
12. D
13. B
14. A
15. B
16. C
17. A
18. A
19. C
20. A